PATNUBAY SA PAGSUSUOT NG MASKARA PARA SA MGA BATA 12 ANYOS PABABA

Hindi na kailangang magsuot ng mga maskara ang mga residente na may ganap na bakuna sa karamihan ng mga panloob at panlabas na lugar ayon sa patnubay ng CDC at estado ng Washington. Inalis ng King County ang lokal na direktiba ukol sa maskara ngayon na umabot sa 70% ng mga residente ng King County na 16 anyos pataas ay nakumpleto na ang kanilang serye ng bakuna at ganap nang nabakunahan. Itong antas ng pagbabakuna ay kamangha-manghang tagumpay. Kasabay nito, ang mga bata 12 anyos pababa ay hindi pa nababakunahan. Ibig sabihin nito na lampas sa 300,000 mga bata sa King County ay hindi pa protektado sa impeksyon ng COVID-19.

Ang mga maskara ay isang mahalagang paraan pa ring proteksyon para sa kabataan. Dahil maaaring magkalat ng virus ang mga batang walang bakuna sa iba, ang pagsusuot ng maskara ay proteksyon rin para sa iba. Patuloy kaming umaasa sa bawat isa para sa proteksyon ng pamayanan. Lahat ng mga may sapat na gulang ay dapat magpatuloy sa pagsusuot ng mga maskara sa mga paaralan at mga lugar sa pangangalaga ng bata at isaalang-alang ang pagsusuot nito sa ibang publiko, panloob na mga lugar kung maraming bata ang nandoon.

Para sa mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya, narito ang mga paraan upang maipagpatuloy ninyong mapanatiling ligtas ang mga bata 12 anyos pababa.

MAGPABAKUNA NG COVID-19 KUNG KAYO AY KARAPAT-DAPAT

IPAGPATULOY ANG PAGPAPAKITA NG PAGSUSUOT NG MASKARA.

Ito ay pagpapakita ng suporta sa mga bata kung kayo ay sama-samang lalabas maski kayo ay ganap nang nabakunahan.

IPALIWANAG KUNG BAKIT NANANATILING IMPORTANTE ITO.

Maaring malito ang maliliit na bata kung bakit kailangan pa nilang magsuot ng mga maskara samantalang ang mga nakakatandang bata at matatanda ay hindi na nagsusuot nito. Sabihan sila na umaayos na ang sitwasyon, ngunit ang mga maskara ay magpapatuloy na panatilihing ligtas sila habang naghihintay tayo ng isang bakuna para sa lahat.

MASURI ANG MGA KAUGNAY NA PANGANIB BATAY SA URI NG AKTIBIDAD AT KAPALIGIRAN.

Ang kakayahan ng bawat isa laban sa panganib ay hindi pare-pareho. Dapat isaalang-alang ng lahat na may bata 12 anyos pababa ang mga panganib ng pagkahawa sa pamayanan at mga epekto sa pakikilahok sa mga tagpuan kung saan nasa loob kayo, kasama ang mga hindi nabakunahang tao o mga tao sa labas ng inyong bahay, at ang posibilidad at kakayahan para sa pagpapanatili ng distansya at pare-parehong paggamit ng maskara.

PILIING LUMABAS HANGGA'T MAAARI

Ang panganib sa pagkalat ng COVID-19 ay higit na mababa sa labas kaysa loob.

GUMAWA NG PLANO NG PAMILYA.

Habang ang inyong pamilya at mga batang anak ay nakiki-salamuha ng mas maraming oras sa mga grupo ng tao na may suot na maskara o wala, ang pagkakaroon ng plano sa iba't-ibang klase ng pagtitipon o lugar ay maaaring makatulong sa mga bata na malaman kung ano ang aasahan.

- Bukas na talakayin ang mga antas ng ginhawa batay sa pagtatasa ng panganib at kasaysayan ng kalusugan sa agarang at malawak na kapamilya.
- Maging pare-pareho upang malaman ng mga bata kung ano ang aasahan sa bawat sitwasyon at mas makikiisa sa loob ng itinatag na gawain.
- Halimbawa, maaaring maitaguyod ang inyong plano:
  - Hindi na kailangang magsuot ng mga maskara sa loob ng bahay kasama ang mga nabakunahang miyembro ng pamilya, ngunit ang mga bata at matatanda
  - ay magsusuot ng mga maskara pagpunta sa mga tindahan ng groseri, atbp.. Hindi na kailangang magsuot ng mga maskara sa mga panlabas na pakikipaglaro
  - sa mga kaibigan, ngunit kinakailangan pa rin ang mga maskara sa abalang, mga pampublikong palaruan at para sa mga panloob na pakikipaglaro.
    Hindi na kailangang magsuot ng mga maskara sa loob at labas ng bahay na may maliit, piling grupo ng mga kaibigan, kabilang ang mga hindi nabakuhang bata (madalas itinuturing na isang pod).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

Public Health
Seattle & King County

KINGCOUNTY.GOV/VACCINE/YOUTH